Light Reading: customer newsletter mula sa Seattle City Light
Marso-Abril 2014

Mula sa general manager

Ina-update ng City Light ang Strategic Plan nito, na nangyayari bawat dalawang taon. Patuloy na tumutuon ang plano sa pagpapahusay sa serbisyo sa customer at sa pagpapanatiling abot-kaya ang halaga ng kuryente. May mga hamon sa paggawa ng mga iyon. Kumikita ang City Light sa pagbebenta ng kuryente sa iba pang mga utility, at mas mababa ang kinikitang iyon kaysa sa inaasahan. Gayundin, humaharap ang utility sa mas malalaking gastos para sa ilan sa aming proyekto sa construction. Dapat din naming subaybayan kung paano naaapektuhan ng climate change ang mga pinagmumulan ng tubig (snowpack sa bundok). Gayunpaman, nagsusumikap kaming gawing pinakamahusay hangga't posible ang mga operasyon namin nang sa gayon ay hindi maapektuhan ang inyong mga bill ng mga pagbabagong hindi inaasahan.

Kung gusto mong magkomento sa Strategic Plan, pakibisita ang website na ito: www.seattle.gov/light/strategic-plan/.
-Jorge Carrasco, General Manager, CEO

Manalo ng $50 gift-card sa sinehan

Nagbibigay ang Hollywood ng mga gantimpala para sa pinakamagagandang pelikula, at bibigyan ka ng gantimpala ng City Light para sa iyong pinakamagandang ideya para sa conservation. Maaari kang gumamit ng pamagat ng totoong pelikula, at pagkatapos ay gumawa ng gantimpala para sa pagtitipid ng kuryente. Narito ang isang halimbawang ginawa namin:

Monsters, Inc. Gantimpala: Mayroon ka bang refrigerator sa inyong garahe o basement na ginawa noong 2000 o mas luma pa? Kung ganoon, gumagastos ka ng sobra sa isang halimaw na kumakain ng kuryente. Kukunin ito ng City Light nang libre at bibigyan ka ng $30. Higit pang impormasyon sa www.seattle.gov/fridge.

Ang mananalong entry ay makakatanggap ng $50 gift-card sa sinehan. I-email ang pamagat ng iyong pelikula at tip para sa conservation sa EnergyAdvisor@seattle.gov. Ang deadline para sa mga entry ay Mayo 16.

Magtipid ng pera gamit ang malamig na tubig

Bawasan ang inyong paggamit ng kuryente sa pamamagitan ng paglalaba nang puno, at piliin ang setting ng malamig na tubig para sa mga cycle ng wash at rinse. Nalilinis sa malamig na tubig ang karamihan ng damit, lalo na kapag may detergent na ginawa para sa paglalaba sa malamig na tubig. Mayroon ka bang tanong tungkol sa pagtitipid ng kuryente o sa mga programa ng renewable energy ng City Light? Tumawag sa isang City Light Energy Advisor sa 206.684.3800 o mag-email sa SCLEnergyAdvisor@seattle.gov.

Mga nakamit na layunin noong 2013
Nakamit ng Seattle City Light ng karamihan ng layunin nito para sa 2013. Halimbawa, nagkaroon tayo ng mas kaunting power outage, mas kaunting error sa mga bill, at mabilis kaming nakapagkumpuni ng mga nasirang ilaw sa lansangan. Ang mga pagkilos na ito ay nangangahulugan ng mas magandang serbisyo para sa iyo. Nangangako kaming itutuloy namin ang mga pagpapahusay sa 2014.

Mga pagbabago ng rate
Ang City Light ay naghahatid ng maaasahan at abot-kayang kuryente. Upang panatilihin at pahusayin ang serbisyong iyon, ang pagtataas ng rate nang 5.6 porsiyento ay nagkabisa noong Ene. 1, 2014. Bibigyang-daan nito ang utility na mag-invest sa aming system nang sa gayon ay magiging available ang electric power kapag kailangan ninyo ito.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagbabayad sa inyong mga utility bill, maaari kayong maging karapat-dapat sa Utility Discount Program. Matuto nang higit pa sa www.seattle.gov/light/assistance/
o tumawag sa 206.684.3417. Ang isa pang programang maaaring makatulong sa mga tao sa kanilang mga bill ay ang Project Share. Alamin ang higit pa sa www.seattle.gov/light/help/share/.

Tip para sa kaligtasan mula sa field
Narito ang isang payo mula kay Patrick Lyman, isang line worker sa City Light: "Habang gumaganda ang panahon, ninanais ng mga tao na pumunta sa labas at gumawa sa hardin. Ngunit tandaan — palaging tumingin sa taas kung may mga linya ng kuryente kapag gumagamit ka ng mga metal na hagdan at kasangkapan."

Pumunta sa isang Skagit Tour
Maranasan ang ganda, pakikipagsapalaran at kasiyahan sa North Cascades. Matuto nang higit pa sa www.skagittours.com o tumawag sa 360.854.2589.

Impormasyon para sa pakikipag-ugnayan:

Seattle City Light
PO Box 34023
Seattle, WA 98124-4023
www.seattle.gov/light

Mga tanong, komento o suhestiyon? Tumawag sa 206.684.3000
Editor: Connie McDougall, connie.mcdougall@seattle.gov